



### **Mag-iisyu ang Lungsod ng mga marriage licence sa emergency o pagmamalasakit na dahilan simula Hunyo 15**

BRAMPTON, ON (Hunyo 10, 2020) – Sa Lunes, Hunyo 15, magsisimula sa pag-isyu ang Lungsod ng Brampton ng mga marriage licence sa pamamagitan ng appointment sa emergency o pagmamalasakit na dahilan. Dahil sa pagsasara ng mga pasilidad ng Lungsod mula Marso 16, pansamantalang hininto ng Lungsod ang pag-isyu ng mga marriage license para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng staff at mga residente sa panahon ng COVID-19 pandemic.

Ang mga aplikasyon para sa marriage licence ay tatasahin batay sa kaso, at sasalain ang mga aplikante ayon sa mga rekisito ng pagiging emergency o pagmamalasakit bago makatanggap ng lisensya. Unahin ng Lungsod ang mga seremonya ng kasal na naitakdang magaganap bago ang dulo ng Hulyo 2020.

Hinihiling ang mga aplikante na magpadala ng mga request para sa isang marriage license sa pamamagitan ng email sa [marriage.licence@brampton.ca](mailto:marriage.licence@brampton.ca). Simula Hunyo 15, susuriin ang mga request sa pamamagitan ng proseso ng online application at, kapag maaprubahan, itatakda ng Lungsod ang appointment kasama ang mga aplikante na natukoy na mangangailangan ng isang marriage licence sa emergency o pagmamalasakit na dahilan. Bisitahin ang [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca) para sa aplikasyon sa marriage licence at para sa karagdagang impormasyon sa mga pagbabagong ito.

Ang kaligtasan at kalusugan ng mga residente at staff ay ang nangungunang prayoridad sa Lungsod ng Brampton. Gagawin ang mga appointment dalawang araw kada linggo para limitahan ang bilang ng mga bisita sa mga pasilidad ng Lungsod habang sarado pa ang mga ito sa publiko sa panahon ng COVID-19 pandemic. Nananatiling kanselado ang mga seremonyang sibil sa panahong ito.

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)